Unibersidad ng Pilipinas Manila
Kolehiyo ng Agham at Sining
Departamento ng Agham Panlipunan

# "Isang Pag-aaral sa Kalagayan ng mga Katutubong Mangyan Alangan sa Naujan, Oriental Mindoro"

Isang Undergraduate thesis bilang
parsyal na katuparan sa pangangailangan sa
kursong BA Development Studies

Ana Ofloda S. Delos Reyes
2002-50974

Dr. Edberto Malvar Villegas
Tagapayo

2006

# PAHINA NG PAGPAPATIBAY

21 Pebrero 2006

Bilang bahagi ng bahagyang pagtupad para makamit ang antas/titulo Batsilyer ng Sining, dalubhasa sa Development Studies, ang tesis na ito na pinamagatang **"Isang Pag-aaral sa Kalagayan ng mga Katutubong Mangyan Alangan sa Naujan, Oriental Mindoro"**, isinulat at isinumite ni **Ana Ofloda S. Delos Reyes**, ay inirerekomenda para sa pagpapasya.

Dr. Edberto Malvar Villegas
Tagapayo

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan para makamit ang antas/titulo sa Batsilyer ng Sining sa Development Studies.

Dra. Ma. Paula Sioco
Tagapangulo
Departamento ng Agham Panlipunan
Kolehiyo ng Agham at Sining
Unibersidad ng Pilipinas Manila

# PASASALAMAT

Lahat ng tagumpay na nakamit, partikular itong tesis na ito, ay dahil sa suporta at pagmamahal na aking natatanggap, at inspirasyon mula sa mga sumusunod:

Una sa lahat, sa Panginoon sa lahat ng biyaya, sa pagbibigay sa akin ng lakas at maayos na kalusugan upang magawa ko nang maayos ang thesis na ito.

Sa aking pamilya, Nanay, Tatay, para sa pagmamahal, sa hindi matatawarang suporta at encouragement at pagpapaalala sa lahat ng mga dapat gawin hindi lamang sa thesis na ito kundi sa lahat ng panahon; Para sa aking mga kapatid, Ate Jaja at LP, sa suporta rin at pagpapaalala; Sa lahat ng mga pinsan ko, Mama Chit, Papa Jun, para sa pagiging pansamantalang pamilya ko sa loob ng apat na taong pag-aaral ko sa kolehiyo; sa buong pamilya ng Delos Reyes at Sarabia, sa mga lola ko, sa lahat ng mga Tito at Tita, sa patuloy na pagsuporta sa amin.

Sa mga kaibigan ko sa UP Manila, lalo na kina Vangie, Tinay, Denise, sa lahat ng mga tulong at motivation, sa mga advises and everything; Kay Patty, Carol at Sheena, sa napakamakabuluhang dalawang buwan na kasama ko kayo. Siyempre gayundin sa block 6, blockmates, the best kayo!

Para sa mga kaibigan ko mula elementary at high school, sa bestfriend kong si Teth, salamat sa suporta, kahit kailan talaga palagi ka andyan; Kay Ernest, sa encouragement, pag-unawa, at pagtulong sa lahat ng oras, at sa lahat-lahat. Sa lahat ng mga kaibigan ko sa Naujan, salamat talaga.

Maraming salamat din sa punong bayan ng Naujan, kay Atty. Norberto Mendoza, para sa pagbibigay ng pahintulot sa akin na mag-integrate sa mga komunidad ng mga Mangyan, at sa bumubuo ng pamahalaang bayan ng Naujan. Lalo't higit sa social worker na si Ms. Milea, salamat sa pagtulong, sa pagsama sa akin sa komunidad, at sa pag-intindi na rin sa kakulitan ko.Ü

Kay G. Ernesto Gutierrez, sa pagpapaunlak sa panayam, at sa pagbibigay ng mga napakahahalagang datos at references na ginamit.

Sa lahat ng mga naging propesor ko sa UP Manila, Prof. Gutierrez, Prof. Gomez, Prof. Billones, para sa calculus, gayundin kay Sir Ponsaran, sa lahat ng mga aral, puna, jokes, at kung ano-ano pa, at siyempre kay Doc Ed Villegas, salamat po sa pagmumulat sa aming lahat at pagbibigay ng tunay na hindi matatawarang kalidad ng edukasyon.

Kay Julia, Miguel, at kung meron pang iba (hehe!;p), XI, salamat sa lahat ng complements at motivation, gayundin sa prayers, sa lahat.

Sa inyong lahat, **maraming salamat!** Alay ko ito sa inyo.

# TALAAN NG NILALAMAN


Pahina ng Pagpapatibay
Pasasalamat
Abstrakto

I. Panukalang Tesis

A. Paglalahad ng Suliranin ........ 1
B. Depinisyon ng mga Termino ........ 3
C. Teoretikal na Pananaw ........ 4
D. Metodolohiya o Paraan ng Pag-aaral ........ 6
E. Paglalagom ng Panitikan ........ 7
F. Mga Hipotesis ........ 11
G. Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral ........ 12
H. Kahalagahan ng Pag-aaral ........ 13

II. Sandigan ng Pag-aaral

A. Ang Pambansang Minorya at ang mga Katutubong Mamamayan 15
B. Ang *Indigenous People's Rights Act of 1997* ........ 17
C. Etnograpiya ng mga Mangyan Alangan ........ 19
*Physical Setting*
Kasaysayan ng mga Alangan
Pulitika, Ekonomiya, at Sosyal na Kalagayan ng mga Alangan

III. Paglalahad at Analisis ng mga Datos

A. Tabulasyon ng Resulta ng *Survey* ........ 29
B. *Generalization* ........ 41

IV. Pagsusuma at Rekomendasyon

A. Pagsusuma at Konklusyon ........ 44
B. Rekomendasyon ........ 46

Bibliyograpiya 49

Apendiks

# ABSTRAKTO

Ang pakikibaka ng mga katutubong mamamayan sa ating bansa para sa sariling pagpapasiya o *self-determination* ay nananatili pa ring nakalutang sa atmospera ng kasalukuyang sistema at kalagayan ng lipunan. Sa tesis na ito tinatalakay ang kalagayan ng isang partikular na tribu sa bayan ng Naujan, Oriental Mindoro. Makikita na isa sa mga dahilan ng patuloy na paghihirap ng mga katutubong mamamayan katulad ng mga Alangan sa Naujan, ay dahilan na rin sa mga polisiya at programang ipinatutupad ng pamahalaan, gayundin ang kakulangan ng suporta mula sa kinauukulan. Ilang mga miyembro ng pamayanan ng mga katutubo sa lugar ang nakapanayam at nakapagbigay ng mahahalagang punto sa pag-aaral na ito gayundin sa pagtalakay ng mga isyu, partikular ang mga suliraning kinahaharap ng mga ito at ang mga serbisyong natatanggap nila mula sa pamahalaan gayundin sa mga NGOs na tumutulong sa mga ito.

Ang labang ito para sa karapatang ipinagkakait sa kanila bilang mga katutubong mamamayan ay isa sa mga pinakasensitibong isyu sa kasalukuyan. Mayroon silang pantay na karapatan na katulad ng mga pangkaraniwang mamamayan ng bansa na nararapat lamang na irespeto ng lahat at bigyang pansin ng pamahalaan.

## KABANATA I. PANUKALANG TESIS

### A. Paglalahad ng Suliranin

Sa kasalukuyang panahon ng modernong estado, pyudal, at malakolonyal na sistema ng bansa, isang sektor ng lipunan ang patuloy na naghihirap at napagkakaitan ng karapatan, kalayaan, at katarungan, at ito ay walang iba kundi ang mga mamamayang katutubo ng Pilipinas. Silang mga katutubong walang boses sa lipunan ay siyang tunay at mga naunang mamamayan ng bansa ang naitaboy na napalayas mula sa kapatagan nang dumating ang mga mananakop.

Sa lalawigan ng Oriental Mindoro, isang tribung pangkat ang namumuhay sa bulubunduking bahagi, ang mga katutubong Mangyan. Ayon sa inisyal na pag-aaral ng tagapagsaliksik, ang mga ito ay tinatayang nasa bilang na 100,000. Taliwas sa pag-usad ng ekonomiya at pag-iindustriyalisa ng lalawigan, ang kalagayan naman ng mga katutubong ito ay patuloy na nagiging atrasado at katulad ng iba pang katutubong mamamayan ng bansa, humaharap din ito sa suliraning pulitikal, kultural, at ekonomikong isyu.

Isa sa mga isyung ito ay ang kawalan ng programang pangkabuhayan para sa mga katutubo. Nabubuhay lamang ang mga ito sa pagkakaingin sa kabundukan at pagpapaupa sa mga "Tagalog" sa pagsasaka, na alam naman ng lahat na hindi makakasapat sa pagtataguyod ng matiwasay na pamilya. Ang iba naman sa mga ito ay nagtatanim ng mga ornamental na halaman na sila namang ipinagbibili sa mga tagapatag. Subalit, katulad ng pagkakaingin, hindi rin sapat ito upang mabuhay ng maayos ang mga katutubong ito.

Ikalawang isyung kinahaharap ng mga Mangyan sa Mindoro ang edukasyon. Bagama't mayroong mga paaralan para sa mga Mangyan na itinatag sa ilang mga komunidad ng mga ito sa lugar, subalit, hindi rin ganoon kaepektibo ito dahil sa

kakulangan ng mga guro, gayundin sa pasilidad, at lalung-lalo na ang pagbibigay ng impormasyon sa mga ito ukol sa kahalagahan ng edukasyon. Isa pa ring dahilan nito ang kahirapan ng buhay. Sa halip na mag-aral ang mga kabataang katutubo, mas hinihikayat ng mga magulang ang kanilang mga anak na tumulong na lamang sa paghahanap-buhay. Dahil dito, kaunting porsiyento lamang ng mga Mangyan ang nakakapag-aral.

Isa pa ring isyung kinahaharap ng mga ito ang kakulangan sa programang pangkalusugan ng pamahalaan. Ayon pa rin sa inisyal na pag-aaral ng tagapagsaliksik, walang sapat na "health assistance" mula sa pamahalaan, kung mayroon man, hindi ito epektibong naipapaabot sa mga katutubong Mangyan. Pangkaraniwang nagiging sakit sa komunidad ang tulad ng *malaria, tuberculosis, parasitism, skin diseases,* at *nutritional anemia* na karamihan ay nakakahawa pa.[1] Sinasabi ring mataas ang bilang ng mga batang namamatay sa hanay ng mga katutubong ito dahil na rin sa kawalan ng kaalaman ukol sa tamang nutrisyon, at maging sa pagpapaanak na isinasagawa lamang ng mga ito sa kani-kanilang tahanan.

Bukod sa mga ilang nabanggit na suliranin ng mga katutubo, isa pa ring isyu, at siyang pinakatampok at pangkaraniwan kapag pinag-uusapan ang mga katutubo, ito'y walang iba kundi ang kanilang pakikipaglaban sa pagkamit ng lupang ninuno o *ancestral land.* Tulad ng ibang tao, ang lupa para sa mga katutubo ay buhay. Dito nakahimlay ang kultura at identidad ng kanilang lahi. Lalo't higit, para sa karamihan sa kanila, ito ay sagrado at dapat lamang nilang pagyamanin. Nananatiling pangarap para sa mga katutubong Mangyan ang pagkakamit ng lupaing ninuno.

---

[1] Trinidad Osteria, Pilar Ramos-Jimenez, et.al., Community Participation in the Delivery of Basic Health Services: The Case of Hanunuo Mangyans of Oriental Mindoro, Philippines, (Research Center De La Salle University, Manila, 1988), p.36.

## B. Depinisyon ng mga Termino

1. Katutubo (Indigenous People)

Ang mga ito ay tumutukoy sa mga minorya sa loob ng modernong estado. Sila ay binubuo ng maliliit na grupo, mga orihinal na mamamayan ng bansa, matatagpuan sa mga kagiliran (tulad ng kagubatan, disyerto, o rehiyong artiko), mga taong biktima ng paniniil o pang-aapi, o kaya ay naiiba ang kultura sa karamihang bumubuo ng populasyon.

2. Mangyan

Sila ang mga katutubong mamamayan ng Oriental Mindoro. Tinatawag ding "MAIT" ng mga mamamayan sa lalawigan. Karaniwang matatagpuan ito sa mga magubat at mabundok na bahagi ng Mindoro. Ang mga ito ay tinatayang mayroong populasyong humigit kumulang sa 100, 000 na binubuo ng walong katutubong pangkat (Alangan, Bangon, Tau-Buid, Buhid, Hanunuo, Tadyawan, Iraya, at Ratagnon).

3. Indigenous Peoples Rights Act (IPRA)

Ito ay tinatawag ding Republic Act No. 8371, na nilagdaan ni dating pangulong Fidel V. Ramos noong Oktubre 29, 1997. Nilalayon ng batas na ito na kilalanin, protektahan, at iangat ang karapatan at kalagayan ng mga katutubong Pilipino na siya ring naging dahilan ng pagkakatatag ng National Commission on Indigenous People (NCIP).

4. Lupaing Ninuno (Ancestral Domain)

Ito ang isa sa pangunahing ipinaglalaban at ipinakikibaka ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas partikular na ang mga katutubong Mangyan sa Mindoro. Ang mga lupaing ito ay ang lehitimong pag-aari ng mga Mangyan na

isinasaad din sa saligang batas subalit ipinagkakait sa mga ito sa halip ay pinapatituluhan ng mga tagapatag. Sa ganitong sitwasyon, patuloy na naitataboy ang mga katutubo sa kagubatan at patuloy na ipinagkakait sa kanila ang lupaing ninunong dapat ay sa kanila.

5. Kilusang Katutubo sa Pilipinas

Ito ay nagsimula sa pagkakatatag ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) noong 1984 upang higit pang igiit ang interes at kapakanan ng mga katutubo sa Kordilyera. Naging mahalagang instrumento at inspirasyon ang organisasyong ito sa pagkakatatag ng iba pang mga katutubong kilusan sa Pilipinas. Hanggang sa maitatag ang Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP) noong 1986 kung saan naging kaanib ang Samahang Pantribu ng mga Mangyan sa Mindoro (SPMM), isang pederasyon ng mga samahan ng mga Mangyan na nabuo noon ding 1986. Sa kasalukuyan, isa sa mga pangunahing organisasyon na nagtataguyod sa karapatan at kapakanan ng mga katutubong Mangyan ay ang Kapulungan para sa Lupaing Ninuno (KPLN) ng Mindoro na kalahok naman sa kasalukuyang nangunguna sa pakikibaka ng mga katutubo, ang Katutubong Samahan ng Pilipinas (KASAPI).

**Ç. Teoretikal na Pananaw**

Ang tagapagsaliksik ay gagamit ng Historikal na Materyalismo bilang basehan ng pag-aaral na ito sapagkat ito ang pinaka-akma sa pag-aaral ng kalagayan ng katutubong Pilipino at ang kanilang mga kinakaharap na isyu at suliranin partikular ang tribu ng mga Mangyan sa Oriental Mindoro.

Ayon sa historikal na materyalismo, ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan ay bunga ng kasaysayan. Ang kasaysayan at karanasang kinaharap ng mga katutubo noon hanggang ngayon ang siyang ugat ng kanilang mga suliranin at ang magiging basehan ng konklusyon ng tagapagsaliksik. May koneksyon din ang suliranin ng mga katutubo sa kasalukuyang moda ng produksyon at relasyon sa produksyon sa kasalukuyang sistema. Muli't muli ay mayroong "class struggle" at kabilang ang mga katutubo sa mga tintawag na "marginalized sector", kabilang sa nagiging biktima ng naghaharing uri.

Ang laban ng suliranin ng mga katutubong ito ay nagmula pa noong dumating ang mga mananakop na Kastila kung saan naitaboy ang mga katutubo sa bulubundukin samantalang kinakamkam ng mga ito ang mga lupain sa kapatagan. Magpasahanggang ngayon, nananatili pa rin sa itaas ng bundok ang mga katutubo.

Isa pang konsepto ng historikal na materyalismo ang "superstructure" at "substructure". Ang "superstructure" na binubuo ng pulitika, kultura, relihiyon, at iba pa ay idinidikta ng "substructure" na naglalaman naman ng ekonomiya. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, makikita ang epekto ng ekonomikong kalagayan ng mga katutubo sa kultura, relihiyon, lalo't higit sa pulitika.

Mahalagang isaalang-alang sa pagsasagawa ng pag-aaral ang lahat ng ito, nang sa gayon, maging lohikal, siyentipiko, at makabuluhan ang output. Sa pamamagitan nito, mas maipapakita ng tagapagsaliksik ang katotohanan, katotohanang mayroong malinaw na basehan.

**D. Metodolohiya o Paraan ng Pag-aaral**

1. "Participatory Observation"

Ito ay integrasyon ng mag-aaral o ng tagapagsaliksik sa mismong komunidad ng mga katutubo sa loob ng takdang panahon. Ito ay naglalayon na makakuha ng mga mahahalagang datos at makagawa ng makabuluhang "case study". Ito ay nangangahulugan na ang magsasagawa ng pag-aaral ay makikipamuhay sa mga katutubong Mangyan upang direktang makita at maobserbahan ang daloy ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga katutubong ito. Lalahok din ang tagapagsaliksik sa mga gawain ng mga ito habang kumukuha ng mga datos na kailangan para sa pag-aaral ng kanilang kalagayan at suliranin. Mas magiging mabisa ang paraang ito sapagkat sa pamamagitan ng paglubog at pakikipamuhay, magiging palagay ang loob ng mga katutubo sa "researcher" at mas magiging bukas ang mga ito sa pagbabahagi ng kanilang mga suliranin at saloobin.

2. "Interviews with Key Informants"

Ito ay mga pakikipanayam na isasagawa ng tagapagsaliksik sa mga mahahalagang tao na makapagbibigay ng "firsthand" na impormasyon at perpektibo ukol sa kalagayan at suliranin ng mga katutubong Mangyan sa Oriental Mindoro. Personal na kakapanayamin ang mga katutubo lalo't higit ang kanilang mga pinuno tulad ng kanilang Kapitan pati na rin ang mga matatandang katutubong makakapaglahad ng kanilang kasaysayan, kalagayan, at suliranin. Kasama rin sa mga kakapanayamin ang mga tao mula sa lokal na pamahalaan, mga "Non-governmental Organization" o NGO's, at "People's Organization" o PO's kung meron.

Sa pakikipanayam sa mga katutubo, gagamit ang tagapagsaliksik ng "unstructured interview", nang sa gayon, hindi mailang ang mga katutubo at makapagbahagi sila ng tunay nilang damdamin at karanasan.

Magsasagawa din ng dalawang uri ng interview guide o survey form ay tagapagsaliksik. Una ay ang socio-economic survey form upang malaman ang ekonomikong kalagayan ng mga katutubo, at ang ikalawa naman ay isang open-ended survey form upang malaman naman ang politikal na kalagayan ng mga ito at ang kanilang partisipasyon sa mga prosesong politikal tulad ng eleksyon bilang halimbawa. Ang mga ito ay nabibilang o kasama sa mga proseso ng pagkuha ng mga pangunahing datos o "primary data". Inaasahan ng tagapagsaliksik na makapagpanayam ng hindi baba sa limampung katutubo sa mismong pamayanan.

Bukod sa primary data, kailangan din ng sekundaryong impormasyon tulad ng mga records at accounts. Ang "published" na datos ay matatagpuan sa mga bahay-aklatan (library) at mula sa mga lokal na pamahalaan. Samantalang ang "unpublished" na datos naman ay kalimitang makukuha sa mga NGO's at PO's sa lugar. Ang mga ito ay ikukumpara at pag-aaralan kasama ng mga primary data na nakuha upang magkaroon ng makabuluhang analisis.

Magsasagawa ang tagapagsaliksik ng mga tabulasyon upang ipakita ang mga datos na nakuha sa pag-aaral.

**E. Paglalagom ng Panitikan (Review of Related Literature)**

1. Trnidad Osteria, Pilar Ramos-Jimenez, Oralndo Marinas, Jonathan Okamura. Community Participation in the Delivery of Basic Health Services: The Case of

<u>*Hanunuo Mangyans of Oriental Mindoro, Philippines.*</u> Research Center De La Salle University, Manila, 1988.

Ang librong ito ay isang kasong pag-aaral sa epektibong pagpapaabot ng mga serbisyong pangkalusugan ng pamahalaan sa komunidad ng mga Mangyan, partikular ang pangkat ng mga Hanunuo sa Oriental Mindoro. Ayon sa pag-aaral ng mga may akda, hindi nakakaabot sa mga katutubong komunidad ang serbisyong pangkalusugan ng pamahalaan. Isa nga sa mga nabanggit na dahilan ng suliraning ito ay ang kakulangan sa mga *health workers* na magsasagawa ng mga pagtingin at magpanatili ng maayos na kalusugan sa mga katutubong Mangyan.

2. Isinalin ni Dr. Sabino Padilla, Isinulat ni Jens Dahl. <u>*Katutubong Mamamayan.*</u> International Work Group for Indigenous Affairs. SIPAT Publications at Aria Edition 2000

Ito ay tungkol naman sa mga pangunahing mga pangkat ng katutubo sa buong mundo. Inilalahad sa aklat na ito ang pakikipaglaban at pakikibaka ng mga katutubo hindi lamang sa Pilipinas kundi pati na rin ng mga katutubo ng iba't ibang bansa katulad ng Argentina, Guatemala, Peru, Canada, Indonesia, at marami pang iba. Isinasaad sa akdang ito ang pangkaraniwang suliranin ng mga katutubong mamamayan, ang pakikipaglaban para sa kanilang karapatan bilang lehitimong mamamayan ng kani-kanilang bayan. Kasama rin dito ang maikling pagsasalayasay ng ilang kasaysayan ng mga katutubo. Kasama rin dito ang pagtalakay sa mga proyekto ng pamahalaan para sa mga katutubo tulad ng IPRA para diumano sa mga katutubong Pilipino, pati na rin ang mga organisasyon ng mga ktutubo na siyang nangunguna sa kanilang pakikibaka para sa

paggigiit at pagtataguyod ng kanilang karapatan, at pagkamit ng inaasam na katarungan at kalayaan. Bukod sa mga isyung kinahaharap ng mga katutubo, tinalakay din sa akdang ito ang kahalagahan ng kultura at identidad ng mga katutubo at ang epekto ng industriyalisasyon, at modernisasyon dito.

3. Walden Bello, David Kinley, and Elaine Elinson. *Development Debacle: The World Bank in the Philippines.* Institute for Food and Development Policy 1982.

Tinatalakay naman sa aklat na ito ang epekto na pag-aaplika ng mga stratihiyang ipinapatupad ng pamalaan batay sa mga programa at polisiya ng *World Bank.* Malinaw na inilalahad ng librong ito ang lalong pagkalugmok sa kahirapan ng mga Pilipino sa ilalim ng pagkontrol ng higanteng institusyong ito sa mga pinagkukunang-yaman ng bansa, at represyon sa mga mamamayang Pilipino. Isang partikular na kabata sa aklat na ito ang tumatalakay sa komprehensibong pag-aaral tungkol sa malaking impluwensiya ng *World Bank* sa mga *rural development projects* at ang mga suliraning dulot nito sa mga mamamayan lalo't higit sa mga katutubo. Isinalaysay din sa kabanatang ito kung paano pinagsamantalahan at niloko ng mga tauhan ng gobyerno ang mga katutubo. Ito ay sa pamamagitan ng Presidential Assistance on National Minorities o PANAMIN. Sa kaso ng PANAMIN sa Mindoro, ipinakikita dito na sa halip na pagkalooban ng pamahalaan ng legal na titulo ng lupang ninuno, pinauupahan ang mga lupang ito ng PANAMIN sa mga katutubo bilang programa. Ito ay malinaw na panggagamit at pang-aabuso sa mga katutubo sa kani-kanilang mga interes.

4. Proceedings of the Ugnayang Pang-AgahamTao (UGAT), 18th National Conference (Oct. 17-19,1996) La Trinidad, Benguet. *Indigenous Peoples of the Philippines (Knowledge, Power and Struggle)*

Tinatalakay naman sa librong ito ang iba't ibang isyu ng mga katutubong Pilipino, mga isyung pulitikal, pang-ekonomiya, at pangkultura. Ilan sa mga tinalakay ay ang kalagayang pangkalusugan, isyu ng "ancestral domain", "gender issues", etnograpiya, at ang pinakatampok ay ang kahalagahan ng antropolohiya sa pagsulong ng pagbabago ng lipunan lalo na sa mga isyung kinahaharap ng mga katutubo, at ang pagtatanggol sa tradisyon at kultura hindi lamang ng mga katutubo kundi ng lahat ng mamamayang Pilipino.

5. Inedit ni Leonardo N. Mercado, SVD. *Working With Indigenous People (A Philippine Source Book).* Divine Word Publications, 1994.

Tinatalakay sa akdang ito ang pamumuhay ng mga katutubo, ang pagiging "marginalized" ng mga ito pati na rin ang kanilang pakikibaka. Isang magandang giya ang aklat na ito sa pagsasagawa ng pag-aaral ukol sa mga katutubo sapagkat nagbibigay ito ng ilang mahahalagang paalala at tuntunin upang makapagsagawa ng maayos na pagkuha ng datos sa mga katutubo. Isinasaad din sa akdang ito na sa kasalukuyang panahon na lubos na ang pang-aabuso sa mga ito, natuto na silang lumaban. At isa sa mga halimbawang ibinigay ng may akda ay ang pakikibaka ng mga katutubong Mangyan laban sa iligal na pagtrotroso sa bulubundukin ng Oriental Mindoro.

6. *The National Roundtable: Ang Epekto ng Patakarang Globalisasyon sa mga Katutubong Mamamayang ng Pilipinas (Filipino Version).* Cordillera Peoples' Alliance, 2001.

Sa magasing ito, ipinapakita lamang ang napakasamang epekto ng mga programa ng pamahalaan na idinikta ng globalisasyon sa ating bansa. Ilan sa mga tinalakay dito ay ang tungkol sa Mangyan National Heritage Park (MHNP), San Roque Multi-Purpose Dam, at mga polisiya ng administrasyong Ramos na tinawag niyang "Philippines 2000). Ilan sa mga polisiyang ito ay ang IFMA o ang Industrial Forestry Management Agreement, ang Indigenous Peoples' Rights Act noong 1997, at ang Batas NIPAS ng 1992. Lahat ng mga polisiyang ito na sa halip ay magtaguyod ng kapakanan ng mga katutubong Pilipino ang siyang nagbibigay-daan ng patuloy na pagbusasbos at pagyurak sa karapatan ng mga pambansang minorya.

**F. Mga Hipotesis (Hypotheses)**

- Patuloy ang paghihirap at pagiging atrasado ng mga katutubong Mangyan sa Mindoro. Bagama't mayroon silang partisipasyon sa mga prosesong pulitikal, hindi pa rin nakakamit ng mga ito ang kanilang karapatan at pag-aaring matagal nang ipinaglalaban. Malaki pa rin ang suliranin ng mga Mangyan sa isyu ng edukasyon, kalusugan, at higit sa lahat ang isyu sa lupaing ninuno ng mga ito.

- Hindi nagiging epektibo ang programa ng pamahalaan sa mga suliraning ito. Hindi rin lubos na napapakinggan ang tinig ng mga katutubo para sa kanilang

mga hinaing at pakikibaka para sa pantay na pagtingin at pagkilala sa kanilang karapatan.

**G. Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral (Scope and Limitation)**

Ang pag-aaral na ito tungkol sa kalagayan ng mga katutubong Mangyan ay isasagawa sa ilang mga piling komunidad sa bayan ng Naujan, Silangang Mindoro. Ito ay nakatuon sa pulitikal at ekonomikong kalagayan, at ang mga suliraning kinakaharap ng mga ito. Ang pag-aaral ay tatagal ng humigit kumulang sa limang na buwan, mula Oktubre hanggang Marso sa susunod na taon.

Limitado ang isasagawang pag-aaral dahil sa distansya o kalayuan nito sa Maynila kung saan pansamantalang nakabase ang "researcher". Mahirap din umano ang paglalakbay patungo sa mismong komunidad sa dahilang ang mga katutubo ay nakatira sa mga bulubunduking bahagi ng nabanggit na bayan, dagdag pa ang hindi pare-parehong lagay ng panahon. Ang daan patungo sa mga komunidad ng Mangyan ay isang salik na makakaapekto sa pag-integra at paglubog sa mga katutubo. Sinasabing walang pampublikong sasakyan ang dumadaan o nakakarating sa mismong komunidad kung kaya't kailangan ng mahabang paglalakad at paglalakbay upang makarating sa lugar. Tinatayang ito ay magsisimula sa darating na Oktubre, "semestral break", at ang sumunod naman sa darating na Disyembre, sa "Christmas vacation". Susundan pa ito ng mga maiikling pagbisita sa komunidad kung kinakailangan at para sa mga karagdagan pang impormasyon at datos.

Isa pa rin sa mga limitasyon ng pag-aaral na ito maliban sa kakulangan ng panahon at malayong distansya, ay ang kakulangan ng pondo o "budget". Bilang isang

estudyante sa kolehiyo, umaasa din lamang ang tagapagsaliksik sa pinansiyang ibinibigay ng kaniyang mga magulang na katamtaman lamang ang kinikita. Ang pondong ito ang kanyang pagkakasyahin sa pag-aaral na isasagawa.

Isang limitasyon din sa pag-aaral ang problema sa pakikipag-usap o komunikasyon sa mga katutubo. Bilang mga katutubo, mayroon silang sariling dialektong ginagamit. Malaking limitasyon ito sapagkat hindi ko lubos na mauunawaan ang kanilang mga sasabihin kung hindi sa tulong ng mga "interpreter" na maaaring isama sa pagsasagawa ng pag-aaral at sa tulong ng mga katutubong nakapag-aral kahit papaano.

Sa pagsasagawa naman ng pag-aaral na ito, ipinapalagay din na ang mga proseso at paraang inilahad lamang sa metodolohiya ang gagamitin ng tagapagsaliksik.

### H. Kahalagahan ng Pag-aaral

Sa kasalukuyang panahon, hindi lingid sa ating kaalaman na ang mga katutubo ay dumaranas ng matinding diskriminasyon at pakikipaglaban para sa kanilang karapatan bilang lehitimong mamamayan ng bansa. Hindi gaanong alam ng lahat mula sa kapatagan ang pakikibakang matagal nang nasimulan ng mga katutubo dahil na rin sa sila'y naitaboy na sa gitna ng kagubatan, sa loob ng mga kabundukan. Gayundin, dahil sila ay nabibilang sa minorya, at bunga na rin ng pagbubulag-bulagan at pagbibingi-bingihan ng pamahalaan, nananatiling api ang mga katutubo.

Sa pag-aaral na ito, ipapakilala ng tagapagsaliksik ang malaking bilang ng mga katutubong Mangyan sa Oriental Mindoro, at maipapakita ang tunay na kalagayan ng mga ito. Sa pamamagitan nito, mas magiging malinaw sa lahat ang problema ng mga ito, lalo't higit ang ugat nito. Mahalaga rin sa pag-aaral na ito ang analisis at rekomendasyon

ng tagapagsaliksik upang mas maging maayos kung hindi man lubusang masolusyunan ang mga suliraning kinakaharap ng mga ito. Maipapakita rin sa pag-aaral na ito ang kagalingan at kahusayan ng mga katutubo sa iba't ibang larangan na lingid sa kaalaman ng karamihan.

Nilalayon din ng pag-aaral na ito na mamulat ang lahat ng makakabasa ang pakikibaka ng isa sa mga inaaping pangkat ng lipunan, ang kanilang mga hinaing sa kasalukuyang sistema, at pati na rin ang mga alternatibong solusyon sa pamamagitan ng mga rekomendasyon ng tagapagsaliksik matapos ang pagsasagawa ng pag-aaral upang mas maging matiwasay ang pamumuhay ng mga katutubong Mangyan, at maaaring ng lahat ng katutubong mamamayan ng Pilipinas.

## KABANATA II: SANDIGAN NG PAG-AARAL

### A. Ang Pambansang Minorya at ang mga Katutubong Mamamayan

Kasabay ng pagsulong ng makabagong panahon ay ang patuloy na paglala ng suliranin ng estado sa pambansang minorya. Saanmang lipunan na binubuo ng mga grupo ng mamamayan na nagtataglay ng mga katangian na kaiba sa katangian ng mas nakararami saanmang aspeto ay isang mahalagang ugat ng "pambansang minorya" at ng problema dito.[2] Sila ang mga taong mahina ang boses sa lipunan. Hindi lamang ito suliranin ng ating bansa kundi ng halos lahat ng bansa sa daigdig. Isa sa mga pangunahing pinagmulan ng suliranin sa pambansang minorya ay ang "westernization" ng mga bansa, kung saan binibigyang diin ang pagiging "homogenous" ng lipunan na nakasaad sa sosyal at pampulitikang pilosopiya ng mga taga-Kanluran.[3] At sa pag-usad ng panahon, bagama't lumalala ang suliraning ito ay hindi pa rin gaanong napagtutuunan ng pansin at nabibigyang solusyon. Ang mga mamamayang ito ay hindi tinatawag na minorya hindi lamang dahil sa bilang ng populasyon ng mga ito kundi, mas higit na dahilan ang pagiging hiwalay o *isolation* ng mga ito mula sa nakararami.[4]

Ang pambansang minorya ay binubuo ng mga katutubong mamamayan (*indigenous peoples).* Ayon sa *Indigenous Peoples Rights Act* (IPRA) na ipinasa noong 1997, ang kahulugan ng Katutubong Mamamayan ay ang sumusunod.

> Isang grupo ng mga tao na may sariling pinagkakakilanlan, na patuloy na namumuhay bilang isang organisadong komunidad sa komunal na pag-aari na may kinikilalang teritoryo o sakop na lupain. Ang mga miyembro ng grupong ito ay may sariling wika, tradisyon, at sariling kultural na katangian na sa pamamagitan ng paglaban sa mga kulturang

---

[2] Inis L. Claude, National Minorities: An International Problem (Harvard University Press; Cambridge, 1955), p. 2.
[3] *Ibid.*, p. 3.
[4] IBON Facts and Figures, Indigenous Peoples, Vol. 24, No. 7, 15 April 2001, p. 1.

bunga ng kolonisasyon ay naging malaking pagkakaiba sa mas nakararaming Pilipino. (IPRA, Chapter II, Section 3h)

Ayon naman sa *United Nations Development Programme* (UNDP), mayroong apat na elemento na nagpapakita ng kaibahan ng mga katutubo sa ibang mamamayan. Una ay ang natatanging relasyon ng mga ito sa kanilang lupaing ninuno. Ikalawa ay ang konserbasyon ng kanilang mga lengguwahe, tradisyunal at pang-ekonomiyang institusyon, at ang kanilang kultural ang pang-relihiyong gawain. Ikatlo ay ang *"subsistence-oriented"* na ekonomiya. At ang ikaapat ay ang pagkakakilala sa kanila ng iba at ng kani-kanilang mga sarili, bilang "naiibang" lipunan.[5]

Batay sa istatistika ng NCIP o *National Commission of Indigenous People*, ang kabuuang bilang ng populasyon ng mga katutubong Pilipino ay nasa humigit-kumulang na 12 hanggang 15 milyon. Ang mayorya sa mga katutubong ito (61%) ay sinasabing nasa bahagi ng Mindanao, 33% naman ang naninirahan sa Luzon, at ang natitirang 65% ay nasa mga kapuluan ng Visayas.[6] Mayroong 95 na iba't ibang tribu sa 14 na rehiyon ng bansa. At ang mga tribung ito ay igrinupo sa pito: (1) Mindanao Lumad (kasama ang mga Manobo); (2) Katutubo sa Cordillera; (3) Mga Tribu sa Caraballo; (4) mga Mangyan; (5) Negrito o Ita; (6) *Palawan Hilltribes*; at (7) Grupo ng mga taga Bisayas.[7]

Bagama't maraming mga pakahulugang maibibigay sa mga katutubo, para sa kanila, iisa lamang ang kanilang sinasabi, na ang lupa ang nagbibigay ng kahulugan sa

[5] The Philippines: TSS1 Mission – Formulation of Policy ang Programme Framework for Participatory Development Among Indigenous and Tribal Peoples, 22 Febuary – 2 April 1993, (International Labour Office, United Nations Development Programme, Geneva, April 1993).

[6] Indigenous Peoples / Ethnic Minorities and Poverty Reduction: Philippines, (Asian Development Bank Manila, Philippines, 2002), p. 7.

[7] IBON Special Release, IPRA: Legalizing Dispossesion, No. 42, March 1999

kanila. Lupa na malaya mula sa pagkamkam, at siya ring humahabi ng buhay at kasaysayan nilang mga katutubo.

**B. Ang *Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) of 1997***

Bilang pagtugon ng pamahalaan sa suliraning kinahaharap ng mga katutubong Pilipino lalo't higit sa isyu ng Lupaing ninuno ng mga ito, ipinasa ni Sen. Juan Flavier at kinalaunan nga'y naisabatas ang *Indigenous Peoples Rights Act* noong Oktubre ng taong 1997 sa ilalim ng pamumuno ni dating pangulong Fidel Ramos. Layunin ng batas na ito na kilalanin, protektahan at itaguyod ang karapatan ng mga katutubo, pagbubuo ng *National Commission of Indigenous People,* paggawa ng mga ipapatupad na mekanismo at pagbibigay ng karampatang pondo, para sa kapakanan ng mga katutubong Pilipino. Sa kasalukuyan, mayroong mga pang-rehiyon at probinsyal na tanggapan ang NCIP.

Mapapansin na napakaganda ng layunin ng pagsasabatas nito. Subalit matapos ang ilang taong pagpapatupad nito, mula 1998 hanggang sa kasalukuyan, bakit nananatili pa rin ang mga suliraning kinahaharap ng mga katutubo?

Sa loob ng ilang taong pagpapatupad ng IPRA, isa sa mga malalaking nagawa nito ay ang pagbibigay ng mas malawak na kaalaman sa mga tao ng tungkol sa mga katutubo at kanilang mga karapatan. Naging dahilan din ito ng pagbibigay ng atensyon hindi lamang ng pamahalaan kundi pati na rin ng mga *Non-Governmental Organizations,* simbahan, at mga akademikong institusyon na matagal na naisantabi sa tradisyunal o pambansang pulitika. Nagkaroon ng pag-asa ng pag-unlad para sa mga katutubong Pilipino.

Samantala, sa pangkalahatan, sa kabila ng mga mabubuting naidulot ng batas na ito, mayroon ding mga hindi magandang naidulot ang IPRA lalo't higit sa mismong mga katutubo na siyang dapat ng tumanggap ng benepisyo mula sa batas na ito. Isa na rito ang paglala tintawag na *territorial conflicts* at *territorial delineation.* [8] Pinatindi ng IPRA ang sigalot ng mga katutubo ukol sa kani-kanilang mga teritoryo o sakop na lupain. Isa pa rin sa mga naging bunga ng IPRA ang pagkakaroon at pagdami ng mga nagpapanggap na katutubo para lamang magkaroon ng bahagi ng lupaing ninuno na ipinagkakaloob ng pamahalaan sa tunay na mga katutubo. Ang pagkilala ng IPRA sa *Regalian Doctrine* na siyang naging ugat ng pagkamkam ng lupa ng mga kolonyalista at mga panginoong maylupa sa pamamagitan ng *Torrens Title* ay isa rin sa mga kinikilalang kabalintunaan sa IPRA. Hindi rin nakasaad sa batas na ito ang dapat sana'y pagbibigay ng garantiya o kasiguraduhan na ang mga lupaing ninuno ng mga katutubo sa pamamagitan ng pag-uuri sa lupaing ito bilang *public inalienable land.* Isa pa rin sa mga hindi magandang probisyon sa IPRA ay ang pagbibigay sa mga indibidwal na katutubo ng karapatang mag-angkin ng parte sa lupaing ninuno na magiging sanhi ng pagkakawatak-watak ng mga katutubo. Sa ganito ring paraan, mas mataas ang posibilidad na maibenta ng mga indibidwal na katutubo sa mga pribadong korporasyon o sa mga taga-"patag" ang mga lupang inilaan para sa kanila.

Sa kabila ng mga hindi mabuting naidudulot ng batas na ito, wala pa ring inisyatibo ang mga mambabatas na magsagawa ng pagrebisa ng ilang probisyong sa halip na tumulong sa pagtataguyod ng karapatan ng mga katutubo ay siya pang nagiging ugat ng pagsasamantala at paglala ng sitwasyong kinahaharap nila. Hindi rin maayos ang implementasyon ng IPRA dahil sa sistema at kalagayan ng NCIP na siyang dapat na

[8] Indigenous Peoples.., p. 17.

tumutok sa pagpapatupad nito. Hindi nagiging epektibo ang NCIP dahil sa kawalan ng suportang teknikal, pinansyal, at *manpower resources* mula sa pamahalaan, gayundin ang kawalan ng edukasyon at *awareness* sa hanay naman ng mga katutubo.[1]

Marami nang organisasyon ng mga katutubo ang kasalukuyang kumikilos upang baguhin ang ilang probisyon ng batas na ito, subalit, tila bingi ang pambansang pamahalaan sa pagdinig sa isyung ito.

### A. Etnograpiya ng mga Mangyan Alangan

*Physical Setting*

Sa isla ng Mindoro sa may bahagi ng timog-kanluran ng Luzon at hilagang-kanluran naman ng *Visayan islands* makikita ang mga tribu katutubong mamayan na may kolektibong pangalan, ang mga Mangyan. Ang isla ay binubuo ng Kanluran at Silangang Mindoro. Ito ang ikapito sa pinakamalaking isla sa buong bansa. Sa bulubundukin ng islang ito lamang makikita, bukod sa pamayanan ng mga Mangyan, ang tamaraw gayundin ang isa sa pinakamatataas na bundok sa bansa, ang Mt. Halcon na may taas na 2,586 metro. Ang lalawigan ng Silangang Mindoro ang bibigyang diin ng tagapagsaliksik partikular ang ilang piling pamayanan ng mga Mangyan sa bayan ng Naujan.

Ang Silangang Mindoro *(Oriental Mindoro)* ay may kabuuang sukat na 4,364.72 kilometro kwadrado, at binubuo ng 127 na isla.[2] Ang lalawigang ito ay nasa 130 kilometro sa timog na bahagi ng Maynila. Binubuo ito ng mga bayan ng Naujan, Baco, San Teodoro, Puerto Galera, Victoria, Soccoro, Pola, Pinamalayan, Bansud, Gloria, Mansalay, Roxas, Bongabong, Bulalacao, at ang lungsod ng Calapan na siyang kapital ng lalawigan.

---

1 ,

2 Florante D. Villarica, Oriental Mindoro: From the Dawn of Civilization to the Year 2000 A.D., (Island Printing Press, Calapan City, 1998), p. III

Ito ay kasalukuyang pinamumunuan ni Arnan Panaligan bilang gobernador, Estee Aceron bilang bise gobernador, Rodolfo Valencia bilang kinatawan sa kongreso ng unang distrito ng lalawigan, at Alfonso Umali bilang kinatawan naman ng ikalawang distrito.

Ang mga Mangyan sa isla ng Mindoro ay nahahati sa pitong iba't ibang tribu: (1) Alangan; (2) Buhid; (3) Iraya; (4) Taubuid (Batangan); (5) Tadyawan; (6) Ratagnon; (7) at Hanunuo-Mangyan. .[11] Sa buong lalawigan, humigit kumulang sa 100, 000 katutubong Mangyan ang naninirahan. Pinakamarami sa mga ito ang tribu ng Hanunuo – Mangyan na naninirahan sa may pinakatimog na bahagi ng lalawigan partikular sa mga bayan ng Bulalacao at Mansalay.

Bilang anak ng bayan ng Naujan, isang malaking kasiyahan at karangalan ang bigyang pag-aaral ang mga tribung Alangan ng Mangyan na naninirahan sa bayang ito. Ang Naujan ang pinakamalaking bayan sa buong lalawigan na may kabuuang sukat ng *land area* na 528 kilometro kwadrado at binubuo ng may 70 barangay. Ito ay nabuo noong taong 1639 sa ilalim ng *Royal Decree* ni King Philip ng Espanya. Sinasabing bago pa man dumating ang mga mananakop na Kastila, maraming patunay sibilisado na ang mga naunang mamamayan ng baying ito.[12] Kinilala naman ang baying ito bilang isang *full-pledged municipality* noong ika-apat ng Enero, 1905 sa pamamagitan ng *Act No. 1280 of the Philippine Commision.*[13] Ang tatlong poblasyon (poblacion 1, poblacion 2, at poblacion 3) ang pinakasentro ng bayan. Ayon sa tala ng pamahalaang bayan, ang Naujan ay mayroong kabuuang populasyong umaabot sa 83, 892. Mula sa kabuuang ito, mahigit lamang sa 3,000 ang mga katutubong Alangan na naninirahan sa buong bayan.

---

[11] *Ibid.*, p.III.
[12] *Ibid.*, p. 150.
[13] Efren Espiritu Garcellano, Naujan: In Retrospect, (Naujan, Or. Mindoro), p. 32.

Makikita sa bayang ito ang pinakamahalaga at kilalang lawa sa lalawigan, ang Naujan Lake kung saan naninirahan ang isa sa pinakamasasarap at bantog na "banglis", "simbad", "banak", "langaray" at iba pa.[1] Makikita rin dito ang historikal na "Simabahang Bato" na matatagpuan sa barangay ng Bancuro. Ang buong bayan ay pinagpala rin sa mga magagandang tanawin tulad ng mga baybay dagat nito at mga bulubundukin. Pagsasaka at pangingisda ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan ng Naujan. Napakalaking bahagdan ng populasyon ng buong bayan ang mga Romano Katoliko, at ang natitirang bahagdan naman ay kabilang sa Iglesia Ni Kristo, Protestante, at iba pa.

Sa limang barangay sa bayan ng Naujan makikita ang mga tribung Alangan: Banuton, Balite, Kaburo, Magtibay, at Paitan. Lahat ng mga barangay na ito ay nasa paanan ng Mt. Halcon. Ang mga ito ay humigit kumulang sa dalawang oras mula sa sentro ng bayan. May mga ibang pamayanan din ng Alangan sa bayan ng Baco, sa barangay ng Lantuyang, gayundin sa mga bayan ng Victoria at San Teodoro, kung saan naninirahan ang ilang bahagi ng populasyon ng mga Alangan Ang mga barangay ng Balite, Magtibay, at Paitan ang napili ng tagapagsaliksik sa dahilang ang tatlong na ito lamang ang mas madali-daling puntahan lalo na sa masamang kalagayan ng panahon. Ang mga lugar na ito ay nasa pinakadulong kanlurang bahagi ng bayan ng Naujan.

**Kasaysayan ng mga Alangan**

Katulad ng mga ibang katutubong mamamayan ng Pilipinas, mayaman din sa kasaysayan ang tribu ng mga Alangan. Ayon sa salin-saling kasaysayan mula sa kanilang mga ninuno, bago pa man dumating ang mga Siganon o Tagalog o mga di

[1] Villarica, p. III.

Mangyan at mga dayuhang Kastila sa isla ng Mindoro, dati nang naninirahan ang mga ninuno nilang Mangyan sa tabing dagat, ilog at kabundukan sa isla. Subalit nagkaroon ng mahabang tag-init na sinundan ng mahabang tag-ulan na nagdulot ng napakalaking baha sa buong isla. Sa patuloy na pagbaha nagkanya-kanya ang mga Mangyan sa paghahanap ng sariling kaligtasan. At ang napuntahan ng mga naunang ninuno ng mga Alangan ay ang Bundok ng Sialdang na kilala sa mga Tagalog sa tawag na Mt. Halcon.[15]

Sinasabing tatlong angkan ng mga Mangyan ang himalang nakaligtas pagkatapos ng matinding sakuna. Ang tatlong angkan na ito ay ang mag-asawang Lumpièn at Baklayen, Rimoryuen at Pangoblien, at ang mga magulang ni Taongan na pansamantalang naninrahan sa lugar din ng Sialdang. Nagpasya ang angkan ni Lumpien at Baklayen na manatili sa bundok ng Sialdang kahit tapos na ang baha. Sila ang ninuno ng mga Alangan na naninirahan sa Sialdang hanggang sa kasalukuyan.[16]

Ayon din sa kanilang kasaysayan, mayroong dahilan o pinagmulan ang pangalang Alangan. Ito diumano ay nagmula sa salitang "Alang" na ang ibig sabihin ay hagdang kawayan na may pitong dugtong ang taas papunta sa buwan. Ayon sa kwento, ito ang hagdan na naging sanhi ng pagkamatay ni Lumpien sa pagsunod sa sinabi ng anak na si Diyaga dahil sa sobrang pagmamahal nito sa anak. Matapos ang pangyayaring ito, nagpunta ang naiwang mag-ina sa bahay ng isang angkan ng mag-asawang Rimoryuen at Pangoblien na nakatira sa Banlugan upang magpatulong sa pag-aani. Pagdating ng mga ito sa lugar ay tinanong ang mga ito kung nasaan ang mag-ina kung nasaan si Lumpien, ang sagot ng asawa ay namatay si Lumpien dahil nahulog sa kanyang *pag-alangan* o ginawang hagdan patungo sa buwan. Simula noon, tuwing may magtatanong kay sa mga ito kung

---

[15] Kaplano ng Alangan, p. 3.
[16] *Ibid.*, p. 3.

saan sila galing, ang lagi niyang tugon ay galling sa *pag-alangan.* Dito na rin hinango ang salitang *Alangan* na naging pangalan na rin ng bukal at ilog Alangan na kanilang iniigiban. Simula noon, naging bukambibig na ito ng mga Mangyan na sa paglipas ng panahon ay naging katawagan sa Tribung Mangyan Alangan.[1]

Mula sa mga angkan ng mga Mangyan na nabanggit nagmula ang kasaysayan, kultura at tradisyon ng mga katutubong ito na magpasahanggang ngayon ay nananatiling buhay pa rin at pinahahalagahan ng bawat miyembro ng tribu ng mga Mangyan Alangan.

Nang dumating ang mga mananakop na Kastila, lalong napadpad ang mga katutubong Alangan sa mga bulubundukin. Nilabanan nila ang impluwensiya ng mga dayuhan upang mapanatili ang sarili nilang tradisyon at kaugalian, at nagtagumpay naman ang mga ito. Subalit, ito na rin ang naging simula ng pangangamkam ng mga Tagalog na panginoong maylupa sa kanilang naunang sinasakahan. Walang nagawa ang mga katutubo kundi manirahan sa mga paanan ng bundok, partikular nga sa Mt. Halcon. Dahil sa bulubundukin nga ang lugar, napipilitang mag-kaingin ang mga ito, na sa kasalukuyan ay ipinagbabawal na ng *Depeartment of Environment And Natural Resources* (DENR). Samakatwid, ilang daang taon na rin ang pakikibaka ng mga katutubo katulad ng mga Alangan upang makamit ang karapatang matagal nang ipinagkait sa kanila.

## Pulitika, Ekonomiya, at Sosyal na Kalagayan ng mga Alangan

Ang ekonomiya ang mga Alangan ay nakabatay lamang sa pagtatanim at paggawa ng mga *handicrafts* na gawa sa uway o *rattan.* Karaniwang tanim ng mga ito ang palay, kamote, saging, niyog at kape sa parting bulubudukin, at kung an-ano pang mga

[1] *Ibid.*, p. 4.

prutas at gulayin. Katulad noong unang panahon, nanantili pa rin sa *subsistence economy* ang sistema ng kanilang produksyon. Subalit, dahil sa kawalan ng lupang masasakahan, nagpapaupa lamang ang marami sa kanila o nakikisaka upang kumita ng pera.

Sa pulitika naman, ang mga katutubong mamamayan katulad ng mga Mangyan Alangan ay hindi gaanong organisado pagdating sa mga pulitikal na istruktura kung ikukumpara sa mga Islamisadong katutubo sa Mindanao. Para sa kanila, ang pagbubuo ng mga istrukturang pulitikal ay hindi pormal, at ito'y para lamang sa mga sosyo-ekonomikong pangangailangan.[18]

Sa tatlong barangay na napili ng tagapagsaliksik, ang Paitan ang may pinakamalaking populasyon ng mga katutubo na humigit kumulang sa 2,000. Mahigit 90% ng mga naninirahan dito ay purong katutubo. Idineklara ng gobyerno ang barangay na ito bilang reserbasyon ng lupaing ninuno ng mga katutubo na may sukat na mahigit sa 2,000 ektarya. Subalit, sa katotohanan, ang ilang bahagi ng barangay ay nananatiling pag-aari at inookupahan ng mga Tagalog. Ang barangay na ito ay pinamumunuan ni Kapitan Benigno Taywan, isang purong katutubo rin. Kakikitaan ang barangay na ito ng maliit na simbahan, *health center*, paaralang elementarya (*grade 1-6)*, at ng pribadong paaralang sekundarya. Makikita rin sa barangay na ito ang isang *hydroelectric plant* na ayon naman sa kanila ay walang anumang masamang naidudulot sa kanila. Katamtaman din lamang ang pagtaas ng populasyon sa kanilang pamayanan. Ito rin ang pinakasentro ng mga pamayanan ng mga katutubong Alangan.

Ayon sa kapitan ng barangay, tumatanggap ang barangay na ito ng taunang badyet o pondo na umaabot sa mahigit na P400,000.00. Pinakamalaking pinupuntahan ng

---

[18] Yasushi Kikuchi, Uncrystallized Philippine Society: A Social Anthropological Analysis, (New Day Publishers, Quezon City, 1991), p. 19

pondong ito ay ang *honoraria* sa mga opisyal ng barangay na umaabot sa mahigit sa kalahati ng kabuuan. Ang badyet na ito ay nagmumula sa *Internal Revenue Allotment* (IRA) ng lokal na pamahalaan.

Ang barangay naman ng Magtibay ay hindi gaanong nalalayo sa kinaroroonan ng Paitan. Ito ay pinamumunuan naman ni Kapitan Ernesto Tipas. Mas mataas lamang ang lugar na ito, mas mahirap puntahan kaysa sa Paitan. Kumpara sa naunang barangay, halos 500 lamang ang populasyon ng mga katutubong Alangan na naninirahan sa lugar na ito o mahigit sa 100 pamilya lamang. Katulad ng sa nauna, katamtaman lamang ang pagtaas ng populasyon sa barangay na ito. Tumatanggap din ang barangay ng taunang pondo o badyet na umaabot sa mahigit na P300,000.00, maliit nang kaunti kumpara sa natatanggap ng naunang barangay. Pinakamalaki ring napupuntahan ng pondo ng barangay ay ang *honoraria* ng mga opisyal nito. Kakikitaan ang barangay na ito ng *health center*, paaralang elementarya at tanggapan ng barangay. Karamihan din ng mga naninirahan dito ay hindi Romano Katoliko, sa halip ay mga Protestante.

Ang ikatlong napiling barangay naman ay ang Magtibay. Ito ay hiwalay sa naunang dalawang barangay. Ito naman ay pinamumunuan ni Kapitan Roger Banlugan. Hindi rin gaanong malaki ang populasyon ng barangay na ito at halos katulad din ng barangay ng Magtibay. Sa barangay na ito makikita ang *Alangan Village Community* na kinaroroonan ng humigit sa 50 pabahay mula sa Gawad Kalinga, katulong ang *Couples for Christ* at ang pamahalaang bayan ng Naujan. Sa 50 bahay na ito, mahigit sa 20 na ang naookupahan ng mga katutubo. Ayon sa kanila, madaragdagan pa ang bilang ng mga bahay na ipatatayo sa lugar. Mayroong makikitang *basketball court* sa lugar gayundin ang

paaralang elementarya subalit hanggang ikalawang baitang lamang. Wala pa ring kuryente sa lugar.

Mula sa taunang IRA na natatanggap sa pamahalaan, may humigit sa ₱400,000.00 pondo ang ginagamit ng barangay para sa kanilang mga gastusin sa barangay. Pinakamalaki rin dito ang napupunta sa *honoraria* ng mga opisyal.

Mayroon ding binuong pantribung samahan ang mga Alangan upang mas mapatibay at mapalakas ang kanilang tribu. Ito ay ang Samahan ng Nagkakaisang Mangyan Alangan (SANAMA). Ito ay nabuo noong ika-4 ng Abril taong 1987 sa pamamagitan ng isang malaking pagpupulong na tintawag nilang *Mangyan Alangan Kongres* kung saan may 250 na Mangyan Alangan ang dumalo mula sa mga pamayanan na saklaw ng Tribung Alangan.[19] Nagdesisyon din ang mga ito na iparehistro ang samahan sa *Securities amnd Exchange Commission* (SEC) at pormal ngang naparehistro ito noong ika-23 ng Setyembre taong 1987 sa Samahan ng Nagkakaisang Mangyan Alangan Inc. (SANAMA Inc.) bilang isang *Non-stock Non-Profit* na organisasyon.[20] Matatagpuan ang tanggapan ng katutubong organisasyong ito sa barangay ng Paitan. Ayon sa kanila, malaki rin ang naitutulong nito sa kanilang kabuhayan sapagkat isa ito sa mga lumalapit sa pamahalaan upang mabigyan ng titulo ang kanilang mga lupaing ninuno at upang mabigyan din ang mga ito ng permiso sa isa sa mga ikinabubuhay ng ibang mga Alangan, ang pangunguha ng "rattan" o uway kung tawagin sa Tagalog. Sakop nito ang lahat ng pamayanan ng mga tribung Alangan mula sa bayan ng Naujan at Baco.

Sa kasalukuyan, ang SANAMA ay pinamumunuan ni Bernabe, isa sa mga nakatatandang Alangan. Subalit, nagkakaroon ng isyu sa pulitika ang pagkakaluklok nito

---

[19] *Ibid.*, p. 8.
[20] *Ibid.*, p. 9.

sa pwesto. Sinasabi ng ilan, lalo't higit ng mga taga barangay Paitan na nagkaroon ng dayaan sa naganap na halalan sa pagiging pinuno ng nasabing samahan. Bagama't nagkaroon ng kasunduan na si Bernabe pa rin ang mananatiling pinuno nito, hindi pa rin ito lubos na matanggap ng ilang katutubo.

Sa lahat ng ito, iisa lamang ang mithiin at pangarap ng mga ito, ang magkaroon ng kabuuang pag-unlad ng kanilang tribu kasama na ang preserbasyon ng lupang para sa kanila ay buhay at tatak ng kanilang lipi. Ayon sa kanila, ang Lupang Ninuno ay lupa ng kanilang ninuno at karugtong ng kanilang buhay sapagkat dito nagmumula ang kanilang ikinabubuhay.[21] Nangangarap din ang mga ito ng pagsasarili, at pagtayo mula sa sariling kakanyahan, kakayahan, kaalaman, at kasanayan ng Tribung Mangyan Alangan.

---

[21] *Ibid.*, p. 14.

## KABANATA III. Paglalahad at Analisis ng mga Datos

Katulad ng nabanggit sa metodolihiya ng pag-aaral na nakasaad sa "thesis proposal", ang tagapagsaliksik ay nakipanayam sa komunidad ng mga katutubong Mangyan-Alangan sa mga piling barangay sa bayan ng Naujan, Silangang Mindoro sa pamamagitan ng paggamit ng mga "questionnaires". Ang populasyon ng mga katutubo sa mga lugar na iyon ay may tinatayang humigit-kumulang sa 3000. Taliwas sa inaasahang bilang ng mga kakapanayamin, ang tagapagsaliksik ay nakapagpanayam lamang ng tatlumpu't limang (35) katutubo mula sa mga piling barangay sa bayan ng Naujan, Silangang Mindoro. Lahat ng nakapanayam ay nakatira sa komunidad ng mga ito at purong katutubo.

Sinimulan ng tagapagsaliksik ang pagpunta sa mga komunidad na ito noong nakaraang buwan ng Oktubre, habang kasalukuyang nagbabakasyon sa naturang probinsya. Sinundan ito ng ilang pagbisita noong Diyembre na sinamantala naman ang "Christmas vacation". At ang huli nga ay noong buwan ng Enero taong kasalukuyan kung saan tiniyak ng tagapagsaliksik na kumpleto na ang lahat ng datos na kailangan sa pag-aaral.

Naging malaking sagabal at limitasyon sa pag-aaral na isinagawa ng tagapagsaliksik ang distansya ng lugar lalo't higit ang hindi inaasahang masungit na panahon sa loob ng halos apat na buwan sa lugar dagdag pa ang baha na idinulot nito. Sa pagpili ng kakapanayamin, gumamit ang tagapagsaliksik ng "Non-probability sampling" partikular ang "accidental sampling" dahil sa limitadong oras at dahil sa limitadong tao na may interes na makapanayam.

Ang paglalahad ng datos at analisis ng mga ito ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay ang tabulasyon ng "profile" at ng mga kasagutan sa tanong ng tagapagsaliksik, resulta nito at mga implikasyon, habang ang ikalawa naman ay ang "generalization" ng mga ito.

## A. Tabulasyon ng Resulta ng *Survey*

Katulad din ng nabanggit,, ang mga sumusunod ay tabulasyon ng naging resulta ng pakikipanayam sa mga katutubo. Layon din ng paglalahad ng mga datos na ito na mapatotohanan ang hipotesis ng tagapagsaliksik sa kasalukuyang kalagayan ng mga katutubong Mangyan-Alangan sa bayan ng Naujan.

***Table I. Age Bracket*** **ng mga Kinapanayam**

| **Edad** | *N* = 35 | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| 15-20 | 4 | 11.4% |
| 21-30 | 6 | 17.1% |
| 31-40 | 10 | 28.6% |
| 41-50 | 8 | 22.9% |
| 51 pataas | 7 | 20.0% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Batay sa tabulasyong ito, karamihan sa mga nakapanayam ay ang mga mas nakatatanda sa pamayanan na mula sa 31 taong gulang pataas. Nasa mahigit na 70% ng

mga nakapanayam ang nabibilang sa braket na ito. Pinakamataas na bilang dito ay ang mga may edad mula 31 hanggang 40 na 28.6% ng kabuuang bilang ng mga nainterbyu. Pinakakaunti sa mga nakapanayam ang may edad mula 15 hanggang 20, o ang mga kabataan na nasa 11.4% lamang.

*Table 2.* **Kasarian ng mga Kinapanayam**

| Kasarian | *N* = *35* | % sa Kabuuan |
|---|---|---|
| Babae | 14 | 40.0% |
| Lalaki | 21 | 60.0% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Sa tabulasyong ito naman ipinapakita na mas marami nang kaunti ang nakapanayam na mga kalalakihan, partikular ang mga tatay o ama ng tahanan. 40.0% lamang ng kabuuang bilang ng nakapanayam ang mga babae, samantalang 60.0% ang mga lalaking nakausap ng tagapagsaliksik sa pamayanan.

***Table 3. Residence Distribution***

| Barangay | *N* = *35* | % sa Kabuuan |
|---|---|---|
| Balite | 9 | 25.7% |
| Magtibay | 9 | 25.7% |
| Paitan | 17 | 48.6% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Makikita dito na labimpito (17) o 48.6% ng kabuuan, halos kalahati ng mga nakapanayam ng tagapagsaliksik ay nagmula sa Barangay ng Paitan. Pinili ng tagapagsaliksik na dito magkaroon ng pinakamaraming panayam sapagkat ito ang barangay na may pinakamalaking populasyon ng katutubo kumpara sa dalawang barangay na kasama sa pag-aaral. Ang dalawang natitirang barangay naman ay may tig-siyam na panayam o parehong 25.7% mula sa kabuuang bilang.

*Table 4.* **Buwanang Kita**

| **Buwanang Kita (P)** | *N = 35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| 100-500 | 10 | 28.6% |
| 501-1000 | 9 | 25.7% |
| 1001-1500 | 10 | 28.6% |
| 1501-2000 | 4 | 11.4% |
| 2001 pataas | 2 | 5.7% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Isang mahalagang bagay ang ipinahihiwatig ng kinalabasan ng tabulasyong ito. Kitang-kita kung gaano kaliit ang kinikita ng mga katutubong ito sa loob ng isang buwan. Dalawa lamang sa mga ito ang kumikita ng mahigit sa dalawang libong piso sa isang buwan. Ang isa sa mga ito ay may maliit na tindahan sa pamayanan, at ang isa naman ay nagtratrabaho sa "Mangyan Mission" na nakabase sa Calapan City. Pinakamalaking porsiyento sa kabuuang bilang ng mga nakapanayam ang kumikita lamang ng P100-500 at P1001-1500 kada buwan na parehong nasa 28.6% ng kabuuang bilang.

Halos lahat naman ng mga katutubong kumikita ng P1000 pataas ay ang mga may katungkulan sa barangay katulad ng konsehal, kapitan, barangay tanod, atbp., na may buwanang "honorarium" mula P700-1,200.

*Table 5. Means of Living*

| Trabaho o Ikinabubuhay | *N* = 35 | % sa Kabuuan |
|---|---|---|
| Pagsasaka | 25 | 71.4% |
| Iba Pa | 10 | 28.6% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Mayorya ng mga katutubong nakapanayam ng tagapagsaliksik ay umaasa lamang ng ikinabubuhay sa pagsasaka. Dalawampu't lima sa kanila o 71.4% ng kabuuan ang mga magsasaka. Sampu lamang ang may ibang pinagkakakitaan, at halos lahat ng mga ito ay mga opisyal o may katungkulan sa kani-kanilang barangay na umaasa na lamang sa buwanang "honorarium" na binibigay ng pamahalaan.

*Table 6. Ownership of Land*

| | *N* = 35 | % sa Kabuuan |
|---|---|---|
| Mayroon | 24 | 68.6% |
| Wala | 11 | 31.4% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Kung mapapansin sa tabulasyong ito, parang napakapositibo ng resulta sapagkat mahigit sa kalahati (68.6%) ng mga nakapanayam ang nagsabi na mayroon silang sariling lupa. Subalit, ang tinutukoy ng mga ito ay mayroon silang lupang sinasakahan maging ito man ay tunay na pagmamay-ari nila o hindi. Samantala, ang labing-isang nagsabing wala silang lupa o ang 31.4% ng kabuuan ay nabubuhay lamang sa pagpapaupa sa mga "Tagalog" na sila ring may pinakamaliliit na kita na umaabot lamang ng P100-500 sa isang buwan.

*Table 7. Acquisition of Land*

| **Paraan** | *N = 24* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Minana | 12 | 50.0% |
| Bahagi ng *Ancestral Domain* | 8 | 33.3% |
| Nabili | 4 | 16.7% |
| **Kabuuan** | 24 | 100.0% |

Ipinahihiwatig dito na mula sa 24 na katutubong nagsabing mayroon silang sariling lupa, 12 sa kanila (50% ng kabuuan) ang nagsabing nakuha nila ang lupang iyon, walong tao o 33.3% ang nagsabing ito ay bahagi ng lupaing ninuno na itinakda ng pamahalaan, at apat naman o 16.7% ang nagsabing nabili nila ang lupang sinasabi nilang pag-aari nila. Subalit, sa labindalawang nagsabi na ang lupang kanilang sinasakahan sa kasalukuyan ay minana nila mula sa kanilang ninuno, hindi nila lahat alam na ang tinutukoy nilang lupang minana nila ay bahagi rin ng lupaing ninuno (*ancestral domain*) na itinakda ng gobyerno.

*Table 8.* **Laki ng Lupang "Pag-aari" o Sinasakahan**

| **Sukat** | *N = 24* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| 0 - ½ ektarya | 3 | 12.5% |
| ½ - 1 ektarya | 7 | 29.2% |
| 1 – 1 ½ ektarya | 8 | 33.3% |
| 1 ½ - 2 ektarya | 4 | 16.7% |
| 2 ektarya pataas | 2 | 8.3% |
| **Kabuuan** | 24 | 100.0% |

Mula pa rin sa bilang na 24 na nagsabing mayroong silang sariling lupang sinasakahan, makikita naman na talagang maliliit lamang ang lupang sinasakahan ng mga ito. Pinakamaraming bilang ng mga nakapanayam na umabot sa 33.3% ng kabuuan ang may lupang mula 1 – 1 ½ ektarya. Sumunod naman ang may lupain mula ½ hanngang 1 ektarya na nasa halos tatlumpung porsiyento ng kabuuan, 16.7% ang may 1 ½ ektarya, at 12.5% naman ang may lupang hindi lalaki sa ½ ektarya. Dalawa lamang sa 24 o mahigit lamang sa 8% ang nagsabing mahigit sa dalawang ektarya ang kanilang lupang sinasaka.

***Table 9. Subsistence***

| **Sapat ba ang kita?** | *N = 35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Oo | 2 | 5.7% |
| Hindi | 33 | 94.3% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Kitang-kita sa tabulasyong ito ang kahirapan ng mga katutubo. 94.3% sa kabuuan ng mga nakapanayan o 33 mula sa 35 ang nagsabing *hindi* sapat ang kinikita ng kanilang pamilya, samantalang 5.7% naman o 2 sa 35 ang nagsabing sapat lamang ang kita ng mga ito. Subalit, naging bukambibig din ng dalawang katutubong ito na nagsabing sapat lamang ang kanilang kita na pangkaraniwang na lamang daw kasi sa kanila ang kumain ng dalawang beses sa loob ng isang araw, at ayos lamang na hindi pa makapag-aral ang kanilang mga anak dahil tumutulong na sa pagbubukid.

***Table 10.*** **Serbisyong Nakukuha mula sa Pamahalaan**

| **Serbisyo** | ***N = 35*** | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Edukasyon | 24 | 68.6% |
| *Health Assistance* | 9 | 25.7% |
| Pangkabuhayan | 8 | 22.9% |
| *Relief Goods* sa Panahon ng Kalamidad | 30 | 85.7% |
| Pabahay | 9 | 25.7% |
| Iba Pa | 3 | 8.6% |

Sa tabulasyong ito, ipinapakita na may serbisyong nakukuha ang mga ito mula sa pamahalaan. Pinakamarami ang nagsabing nagbibigay ng *relief goods* ang gobyerno sa panahon ng kalamidad na umabot sa mahigit na 85% ng kabuuan. Pangalwa naman ay ang edukasyon ayon sa 24 mula sa 35 o 68.6% ng kabuuan. Sumunod naman ang serbisyong pangkalusugan, 51.4%, ang serbisyong pangkabuhayan, 42.9%, at ang pabahay na may 25.7%. Lahat ng nagsabing may pabahay silang natatanggap mula sa

pamahalaan ay iyong mga nakatira sa Brgy, Balite kung nasaan ang mga pabahay na ipinatayo at ibinigay ng Gawad Kalinga sa pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan. 3% (Iba pang sersisyo) naman ang nagsabing inaayos ng pamahalaan ang sigalot sa pulitika ng mismong komunidad lalo't higit ang isyu ng pamumuno sa SANAMA o Samahan ng Nagkakaisang Mangyan Alangan.

***Table 11. Satisfaction from the Services***

| **Sapat ba ang serbisyong natatanggap?** | *N=35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Oo | 6 | 17.1% |
| Hindi | 29 | 82.9% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Napakalaking bahagi ng mga nakapanayam ng tagapagsaliksik na umabot sa mahigit 82% ang nagsabi na hindi sapat ang serbisyong nakukuha ng mga ito sa pamahalaan. Una, sa edukasyon, bagama't may mga pampublikong paaralan sa elementarya, ang iba'y hanggang primarya lamang o mula una hanggang ikatlong baitang lamang at salat din sa mga kagamitan. Wala ring pampublikong paaralang sekundarya sa komunidad ng mga katutubo kung kaya't ang mangilan-ngilang katutubong kabataang nag-aaral sa sekundarya ay nagtitiyagang maglakad ng napakalayo patungo sa pinakamalapit na barangay kung saan may pampublikong paaralang sekundarya. Ikalawa, ang serbisyong pang-kalusugan ay hindi rind raw sapat ayon sa kanila, sapagkat, bagama't may sinasabing *health center* sa mga komunidad, bukod sa *midwife* lamang ang tumitingin sa kanila, hindi pa rin sapat ang pasilidad dito upang tugunan ang mga problemang pangkalusugan ng mga

katutubong Alangan lalo't higit sa panahong lubos itong kinakailangan. Ikatlong dahilan ay ang salat sa tulong sa kanilang kabuhayan. Ayon din sa kanila, bagama't paminsan-minsan ay nakatatanggap ang mga ito ng mga binhi para sa pagsasaka, hindi pa rin sapat ang mga ito. Ang nais nila'y lupang mapagsasakahan. Katulad ng nabanggit, halos lahat ng mga nakatanggap lamang ng serbisyong pabahay ay mula lamang sa barangay Balite.

Ang anim na katutubong nagsabing sapat ang serbisyong natatanggap mula sa pamahalaan ay may iisang linya, *"Sapat na rin. Mas magaling na yung mayroong natatanggap kaysa wala. Pasalamat na kami."*

***Table 12. Non-Governmental Organization's (NGO's) Participation***

| | *N=35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Mayroon | 31 | 88.6% |
| Wala | 4 | 11.4% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Sa 35 nakapanayam, 31 ang nagsabing mayroong mga NGO na tumutulong sa kanilang mga katutubo. Karamihan sa kanila ang nagsabing tinutulungan sila ng Mangyan Mission at ng mga madre at pari lalo't higit sa barangay Paitan kung saan karamihan ng mga tao ay Kristyano na rin. Sa mga taga-barangay Balite naman, ang tumutulong naman sa kanila ay ang Gawad Kalinga (GK). Apat lamang mula sa 35 o 11.4% ang nagsabing walang NGO na nagbibigay ng serbisyo sa kanila. Lahat ng apat na ito ay mula sa barangay Magtibay kung saan halos lahat naman ng mga naninirahan ay mga Protestante.

*Table 13.* **Serbisyong Nakukuha Mula sa mga NGO**

| Serbisyo | *N = 35* | % sa Kabuuan |
|---|---|---|
| Edukasyon | 15 | 42.9% |
| *Health Assistance* | 15 | 42.9% |
| *Relief Goods* sa Panahon ng Kalamidad | 33 | 94.3% |
| Pangkabuhayan | 10 | 28.6% |
| Pabahay | 9 | 25.7% |
| Iba Pa | 10 | 28.6% |

Mula sa lahat ng nakapanayam, 15 ang nagsabing nakatatanggap sila ng serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan mula sa NGO o 42.9% ng kabuuan. Tumutulong ang mga ito lalo't higit sa pagpapaaral ng ilang kabataan sa kolehiyo. Mayroon ding pribadong paaralang pangsekundarya ang naipatayo sa Barangay Paitan ng *Sisters of the Holy Spirit* na dahil nga sa hindi ito pampubliko, may bayad ang pag-aaral dito. Nagbibigay din ang mga NGO ng serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng mga pribadong doktor na regular na tumutingin sa mga katutubo (tuwing Miyerkules ayon sa mga nakapanayam). 94.7% naman ang nagsabing maraming mga NGO din ang nagbibigay ng tulong tulad ng mga pagkain, damit, at iba pa, sa panahon ng kalamidad. Siyam (9) pa rin mula sa 35 ang nagsabing may serbisyong pabahay mula sa mga NGOs na lahat pa rin ay nagmula sa barangay Balite. Ito'y sapagkat ang pabahay na naipatayo katulad ng nabanggit na at kolaborasyon o dahil sa pagtutulungan ng GK at ng lokal na pamahalaan ng Naujan. Sampu naman ang nagsabi o 28.6% na nakatutulong ang mga NGO partikular

ang Mangyan Mission sa pag-unlad ng kanilang ispiritwal na paniniwala at pagtulong sa kanilang pakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupaing ninuno at pagpepreserba ng kanilang kultura.

*Table 14. Satisfaction from the Services Given by the NGOs*

| **Sapat ba ang serbisyong natatanggap?** | *N = 35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Oo | 10 | 28.6% |
| Hindi | 25 | 71.4% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Kumpara sa satipaksyon na nakuha ng mga katutubo sa serbisyong pamahalaan, mas malaki ng kaunti ang bilang ng nagsabing sapat ang serbisyong ibinibigay sa kanila ng mga NGO na umabot sa 10 mula sa 35 na kinapanayam o 28.6% ng kabuuan. Samantala, 71.4% naman ang nagsabing hindi pa rin sapat ang mga serbisyong mula sa NGOs. Sa mga nagsabing sapat ang serbisyong ito, maririnig pa rin ang mga linyang, *"Sapat na rin. Mas magaling na yung mayroong natatanggap kaysa wala. Pasalamat na kami."*

*Table 15.* **Problemang Kinahaharap ng mga Katutubo**

| | *N = 35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Edukasyon | 19 | 54.3% |
| Kalusugan at Sanitasyon | 15 | 42.9% |
| Kabuhayan | 10 | 28.6% |

| | | |
|---|---|---|
| Isyu sa Lupaing Ninuno | 25 | 71.4% |
| Pulitka | 5 | 14.3% |
| Kultura | 1 | 2.9% |
| Iba Pa | 3 | 8.6% |

Nang tinanong ng tagapagsaliksik sa mga katutubo kung anu-ano ang mga suliraning kinahaharap ng mga ito sa kanilang komunidad, 71.4% sa kanila ang nagsabing pangunahin dito ang ang kawalan ng lupang masasaka o ang isyu sa lupaing ninuno. 54.3% naman ang nagsabing malaki rin ang problema ng mga katutubo sa edukasyon, samantalang 42.9% naman ang nagsabing nananatili pa ring suliranin para sa kanila ang kalusugan at sanitasyon sa kanilang pamayanan. 28.6% ang nagsabing kabuhayan o ikabubuhay ang kanilang problema. Subalit, ayon sa kanila, nakaugat pa rin ang suliranin sa kabuhayan sa kawalan ng lupa o dahil pa rin sa isyu ng lupaing ninuno. Isa lamang o 2.9% ang nagsabing may problema rin sa pagprepreserba ng kultura ang mga Alangan. 8.6% naman ang nagsabing may iba pang problema ang kani-kanilang pamayanan tulad ng tubig at katahimikan (*peace and order*) sa lugar.

*Table 16.* **Paraan ng Pagpaparating ng mga Suliranin sa Pamahalaan**

| | *N = 35* | **% sa Kabuuan** |
|---|---|---|
| Opisyal ng Barangay | 27 | 77.1% |
| Direkta sa Munisipyo | 5 | 14.3% |
| NGOs at SANAMA | 3 | 8.6% |
| **Kabuuan** | 35 | 100.0% |

Nang tanungin naman ang mga kinapanayam kung paano nila naipaaabot sa pamahalaan ang kanilang mga nabanggit na suliranin, 77.1% ang nagsabi sa kanilang ipinadadaan ang lahat ng isyu sa barangay o sa mga opisyal ng barangay pagkatapos ang mga ito na ang bahalang magpaabot ng mga ito sa mas nakatataas na opisyal. 14.3% naman ang nagsabing nakapupunta silang direkta sa munisipyo sa kapatagan upang humungi ng tulong sa kung anumang problema mayroon sila. At ang natitirang 8.6% naman ay nagsabing NGOs at SANAMA ang nagpapaabot ng kanilang mga suliranin sa pamahalaan.

### *B. Generalization*

Layunin ng *survey* at mga panayam na ito na marinig direkta mula mismo sa mga katutubong Alangan ang kanilang kasalukuyang kalagayan at ang mga suliraning kinahaharap ng mga ito. Tiniyak ng tagapagsaliksik na may sapat na representasyon ang mga ito mula sa hanay ng mga kabataan, mga ina ng tahanan, mga ama, mga nakatatanda sa pamayanan, at mga opisyal ng barangay upang mas maging maayos at totoo ang resultang makuha.

Batay sa mga kasagutang natanggap ng tagapagsaliksik mula sa pakikipanayam sa mismong mga katutubo sa lugar at matapos masuri ang mga resultang ito, kitang-kita kung gaano kahirap ang buhay ng mga miyembro ng pamayanan ng mga Alangan sa bayan ng Naujan. Napakaliit ng kinikita ng mga ito na dumarating pa sa puntong halos wala nang kinikita sa loob ng isang linggo o isang buwan pa kung minsan. Bagama't sinsabing *subsistence economy* ang sistemang pang-ekonomiya ng mga ito, hindi maaaring hindi rin gumastos ang mga ito lalo't higit sa edukasyon at pangangalaga sa

kalusugan ng kanilang pamilya. Makikita rin na marami pa rin sa kanila ang hindi nakikinabang sa lupaing ninuno na inireserba ng pamahalaan sa kanila, kung mayroon man, napakaliliit ng mga ito. Karamihan sa mga lupang sinasaka nila ay may sukat lamang mula ½ hanggang 1 ½ ektarya. Bagama't mayroong nagsabing hindi pagsasaka ang ininabubuhay nila, iyon ay sa dahilang mas malaki ang kinikita ng mga ito sa natatanggap na *honorarium* bilang opisyal ng barangay kumpara sa kinikita sa pagsasaka. Subalit, gayun pa man, nananatili pa ring magsasaka ang mga ito. Halos lahat ng mga nakapanayam ay hindi kunteto sa kanilang kinikita.

Mula sa mga serbisyong ibinibigay ng gobyerno, napakalaking bahagi ng mga katutubong nakapanayam ay ang nagsabing hindi sapat ang mga ito. Dahil sa pagkukulang na ito ng pamahalaan, nagiging kaagapay nila ang mga NGOs tulad ng Mangyan Mission Foundation Inc., at ang Gawad Kalinga Foundation. Subalit, bagama't nagbibigay din ng iba't ibang tulong at serbisyo ang mga ito, hindi pa rin sapat ang mga ito. Napakalaki pa rin ng suliranin ng kani-kanilang pamayanan sa pagtanggap ng mga basikong serbisyo mula sa pamahalaan at maging mula sa NGO na boluntaryong tumutulong sa mga ito. Pangunahin dito ang kabuhayan ng mga ito, na nag-uugat sa isyu ng lupaing ninuno, ng lupang ninuno na siyang nakikita nilang pag-asa ng kanilang pangkalahatang pag-unlad bilang mga katutubong mamamayan. Sumunod dito ang isyu sa kalusugan at sanitasyon. Ang tagapagsaliksik mismo ang nakapagpatunay nito. Maraming mga batang katutubo ang tila *malnourrished* sa mga pamayanang napuntahan, gayundin sa isyu ng sanitasyon. Hindi nakapagtatakang dapuan ng mga kung anu-anong sakit ang mga bata sa pamayanan dahil sa kawalang sistema ng sanitasyon, dahil sa kawalan ng kalinisan sa lugar. Ang edukasyon ay isa pa rin suliranin. Katulad ng nabanggit, mayroong paaralang

elementarya sa mga pamayanan, subalit kitang-kita na hindi sapat ang mga pasilidad at gamit para sa isang kaaya-aya o komportableng pag-aaral, at ang iba pa sa mga paaralang ito ay hanggang *primary level* lamang (hanggang ikatlong baitang).

Malaki pa ang kinakailangang serbisyo ng mga katutubo lalo't higit mula sa pamahalaan, kung saan batay din sa resulta ng panayam o *survey* ay siya ring pangunahing takbuhan ng mga ito, partikular ang kani-kanilang pamahalaang barangay.

# KABANATA IV: PAGSUSUMA AT REKOMENDASYON

## A. Pagsusuma at Konklusyon

Ang laban ng pambansang minorya, katulad ng mga kabilang sa tribu ng mga Mangyan Alangan ay ang pagkakait sa kanilang karapatan sa *self-determination.* At kapag sinabing *self determination,* iyon ay ang kanilang karapatan na gamitin, ipreserba, ipaglaban, at payamanin ang kanilang mga materyal at di-materyal na pag-aari nang walang anumang *external factor* na humahadlang dito. Ang karapatang ito ay nauna nang nakamit ng mga katutubo sa pamamagitan ng *subsistent economy* o ang pagprodyus ng kung ano lamang ang kinakailangan ng kanilang mga pamayanan. Subalit nang dumating ang mga dayuhang mananakop, natanggalan din ng karapatan ang mga ito. Nagsimula noon din ang pagkamkam ng mga lupain ng mga katutuo, at naitaboy ang mga ito sa mga bulubundukin katulad ng nangyari sa mga Mangyan. At noon pa rin nagsimula ang laban at pakikibaka ng mga Mangyan para makamit ang kanilang karapatan na ilang daang taon nang ipinagkait sa kanila.

Sa kasalukuyan, kinikilala naman ng pamahalaan ang karapatang ito ng mga katutubo. Bilang pagsagot dito, naging solusyon para sa pamahalaan ang IPRA na naisabatas noong taong 1997 sa ilalim ng pamumuno ni dating pangulong Fidel Ramos. Subalit, taliwas sa tunay na layunin nito, nagkaroon pa ng masasamang epekto ang batas na ito sa mismong mga katutubo na siyang tunay na pinaglalaanan nito. Maraming mga probisyon sa IPRA ang sa halip na makatulong sa mga katutubo ay siya pang nagbibigay ng dahilan upang maabuso ang mga ito. Bagama't tama ang layunin nito, gayundin, ang ilan sa mga probisyon, maraming kahinaan ang batas na ito. Isa rin sa mga nagiging dahilan ng hindi maayos na implementasyon ng IPRA ay ang sistema ng NCIP na siyang

dapat na tumutok sa pagpapatupad nito. Kulang ang suportang pinansyal, teknikal para sa komisyon upang mas maayos na magmpanan ng mga ito ang kanilang mga tungkulin sa pangangalaga at pagtataguyod sa karapatan ng mga katutubo.

Bukod dito, may ilang mga polisiya at programa pa rin ang pamahalaan na nakaaapekto sa mga katutubo katulad ng NIPAS at ng *Mining Act.* Ilan lamang ang mga polisiya at programang ito sa mga manipestasyon ng stratehiyang at sistemang ipinatutupad ng pamahalaan, ang tinatawag na *national development at the expense of the tilling masses.* Nanantiling *expot-oriented, import-dependent* ang ekonomiya ng bansa na sinasabayan ng kawalan ng lokal na industriyalisasyon kung kaya't walang magawa ang pamahalaan kundi ipagamit sa iba ang mga natitirang pinagkukunang yaman ng bansa tulad ng mga kabundukan na siyang tanging pag-asa at *last frontier* ng mga katutubong mamamayan ng bansa.

Sa kaso ng mga katutubong Mangyan Alangan, matapos ang masusing pagtingin at pag-aaral, at batay na rin sa resulta ng panayam at *survey* direkta mula sa mismong mga miyembro ng pamayanan ng mga katutubo, na tama ang hipotisis ng tagapagsaliksik. Patuloy ang paghihirap at pagiging atrasado ng mga katutubong Mangyan sa Mindoro. Bagama't mayroon silang partisipasyon sa mga prosesong pulitikal tulad ng pagboto sa pambansa at lokal na halalan, hindi pa rin nakakamit ng mga ito ang kanilang karapatan at pag-aaring matagal nang ipinaglalaban. Malaki pa rin ang suliranin ng mga Mangyan sa isyu ng edukasyon, kalusugan, at higit sa lahat ang isyu sa lupaing ninuno ng mga ito. Hindi rin nagiging epektibo ang programa ng pamahalaan sa mga suliraning ito. Hindi rin lubos na napapakinggan ang tinig ng mga katutubo para sa kanilang mga hinaing at pakikibaka para sa pantay na pagtingin at pagkilala sa kanilang karapatan.

## B. Rekomendasyon

Ang mga sumusunod ay rekomendasyon ng tagapagsaliksik batay sa pag-aaral at analisis nito sa kasalukuyang kalagayan ng mga katutubong mamamayan partikular ang mga Mangyan Alangan sa bayan ng Naujan, Oriental Mindoro:

* Lahat ng mga batas, polisiya, at programa ng gobyerno na nakaaapekto sa pambansang minorya o sa hanay ng mga katutubong Pilipino ay nararapat lamang na pag-aralang muli at isaayos.
* Magkaroon ng tunay na reporma sa lupa, at maipatupad ng maayos ang layunin o adhikain ng IPRA.
* Isaayos ang problema sa lupaing ninuno ng mga katutubo. Nararapat lamang na bigyan ng kolektibong titulo ang mga lupaing ninuno sa halip na *individual title* upang maiwasan ang pagbebenta dito.
* Itigil o pigilan ang anumang banta ng *development aggression* na maaaring makapasok at makasira sa *ancestral domain* ng mga ito, katulad ng konstruksyon ng mga dam, *geothermal plants, open-pit mining*, at kung anu-ano pa.
* Upang mas lalong marinig ng pamahalaan ang hinaing at pangangailangan ng mga katutubo, gayundin ang mas malakas na laban ng mga ito, iminumungkahi ng tagapagsaliksik na magkaroon na representasyon ang mga katutubo sa Kongreso na pinili nilang mga katutubo mismo at hindi pinili ng kung sinong pulitiko lamang.
* Dapat magkaroon ng tanggapan ang NCIP sa *local level* ng sa gayon ay mas matutukan ng mga ito ang mga problemang kinahaharap ng mga katutubo.

Dapat ding dagdagan ng suporta ang NCIP upang mas epektibo nitong maipatupad ang nararapat sa mga katutubong katulad ng mga Alangan.

* Bigyan din ng mas tutok na gabay o *assistance* ang mga opisyal ng barangay ng mga pamayanan ng Alangan partikular ang kapitan ng mga barangay upang mas maging maayos ang paglalaan ng mga pondo ng barangay, nang sa gayon, marami ang makinabang dito.

* Dapat na pag-isahin ang lider ng buong tribu at ng mga pamayanan ng Alangan. Itigil na ang isyu sa pulitika sa loob ng tribu, nang sa gayon ay magkaroon ng iisang layunin at direksyon tungo sa pagsulong ng mga programa ng pamahalaan para sa kanilang mga katutubo bilang mga *stakeholders* nito.

* Pilitin ng pamahalaan na magkaroon ng pantay na pagbibigay ng serbisyo. Kung anong serbisyo mula sa pamahalaan ang natatanggap ng mga Tagalog o tagapatag, nararapat lamang na matamo rin ng mga pamayanan ng katutubo tulad ng serbisyong pangkalusugan, edukasyon, kabuhayan, at iba pa. Sa ganitong paraan man lamang ay hindi sila makaramdam ng diskriminasyon.

* Bigyang pansin din ng pamahalaan ang promosyon at pagpapaunlad sa kultura ng mga Alangan, sapagkat napalaking bagay din nito sa kanila. Isa halimbawa nito ang pagpapakilala sa mga produktong gawa ng mga ito, na maaaring makadagdag sa kita ng mga ito.

* Kailangan din ng dagdag na *staff* mula sa LGU upang mas mabigyang pansin ang mga katutubo. Saksi ang tagapagsaliksik sa kakulangan ng

*manpower resources* na maaring bunga na rin ng kawalan o kakulangan ng pondo ng LGU.

* Maghikayat ng mas marami pang boluntaryong paglilingkod para sa mga katutubo.

* Sa hanay ng mga mulat at nakakaalam ng kalagayan ng mga katutubong Pilipino katulad ng mga estudyang gaya ng tagapagsaliksik, nararapat lamang na damayan at tulungan natin ang mga *marginalized sector* katulad ng mga ito sa kanilang laban at pakikibaka sa pagkakamit ng kanilang lehitimong karapatan sa lipunan.

## BIBLIYOGRAPIYA

Bello, Walden, et.al., Development Debacle: The World Bank in the Philippines. Institute for Food and Development Policy 1982.

Catapang, Emily. Mangyan Heritage Center, Calero, Calapan City. Or. Mindoro. Interview. 16January 2006.

Claude, Inis L., National Minorities: An International Problem (Harvard University Press; Cambridge, 1955).

Din-Ang, Elorde. NCIP Provincial Office, Calapan City, Or. Mindoro. Interview. 16 January 2006.

Garcellano, Efren Espiritu, Naujan: In Retrospect, (Naujan, Or. Mindoro)

Gutierrez, Ernesto (Municipal Planning and Development Coordinator). Santiago, Naujan, Or. Mindoro. Interview. 31 December 2005.

IBON Facts and Figures, Indigenous Peoples, Vol. 24, No. 7, 15 April 2001.

IBON Special Release, IPRA: Legalizing Dispossesion, No. 42, March 1999.

*Indigenous Peoples / Ethnic Minorities and Poverty Reduction: Philippines*, (Asian Development Bank Manila, Philippines, 2002).

*Indigenous Peoples of the Philippines (Knowledge, Power and Struggle.*Proceedings of the Ugnayang Pang-AgahamTao (UGAT), 18th National Conference (Oct. 17-19,1996) La Trinidad, Benguet.

*Kaplano ng Alangan*

Kikuchi,Yaushi, Uncrystallized Philippine Society: A Soacial Anthropological Análisis, New Day Publishers, Quezon City, 1991.

Mercado, Leonardo N., SVD. Working With Indigenous People (A Philippine Source Book). Divine Word Publications, 1994.

Osteria, Trinidad, Ramos-Jimenez, Pilar, et.al., Community Participation in the Delivery of Basic Health Services: The Case of Hanunuo Mangyans of Oriental Mindoro, Philippines. Research Center De La Salle University, Manila, 1988.

Padilla, Sabino (Tagasalin), Isinulat ni Jens Dahl. Katutubong Mamamayan. International Work Group for Indigenous Affairs. SIPAT Publications at Aria Edition 2000.

Taywan, Benigno. Brgy. Paitan, Naujan, Or. Mindoro. Interview. 15 January 2006.

*The National Roundtable: Ang Epekto ng Patakarang Globalisasyon sa mga Katutubong Mamamayang ng Pilipinas (Filipino Version).* Cordillera Peoples' Alliance, 2001.

*The Philippines: TSS1 Mission – Formulation of Policy ang Programme Framework for Participatory Development Among Indigenous and Tribal Peoples*, 22 Febuary – 2 April 1993, (International Labour Office, United Nations Development Programme, Geneva, April 1993).

Tipas, Ernesto. Brgy. Magtibay, Naujan, Or. Mindoro. Interview. 15 January 2006.

Villarica,Florante D., Oriental *Mindoro: From the Dawn of Civilization to the Year 2000 A.D.*, (Island Printing Press, Calapan City, 1998.